# Mga Kontribyutor

Si **Gian Carlo Alcantara** ay nakapagtapos ng Bachelor of Arts in Communication sa Mater Redemptoris College, San Jose City, Nueva Ecija at Master in Communication with specialization in Communication Management sa Polytechnic University of the Philippines noong 2018. Kasalukuyan niyang kinukuha ang kaniyang Doktorado sa Pilosopiya sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle. Nakapagturo siya bilang Full Time Faculty sa Department of Communication sa Mater Redemptoris Collegium, Calauan, Laguna at Full Time Senior High School Faculty sa Humanities and Social Sciences Department sa Far Eastern University Manila. Sa kasalukuyan, siya ang Tagapangulo at Full Time Faculty sa General Education Department sa iACADEMY Makati.

Si **Jaime T. Amante Jr.** ay nagtapos ng kursong Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya, Medyor sa Filipino sa Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, bilang cum laude noong 2017. Natamo niya ang titulong Master sa Sining ng Edukasyon sa Filipino sa parehong pamantasan noong 2020. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kaniyang PhD in Educational Management sa nabanggit na pamantasan. Siya rin ay nagsisilbing propesor sa pamantasang ito at nagtuturo ng mga asignaturang Filipino.

Propesor ng panitikan, Philippine Studies, at malikhaing pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman si **Mykel Andrada**. Kasalukuyang Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino–UP Diliman, isa rin siyang tagasalin at editor. Nagsisilbi siya bilang pangkalahatang patnugot ng Aklatang Bayan Online (www.swfupdiliman.org/aklatangbayan), at punong patnugot ng mga refereed journal na *Daluyan Journal ng Wikang Filipino* at *Agos Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*. Inilathala ang dalawang koleksiyon niya ng maikling kuwento, ang *Apartment sa Dapitan* at *Sa Dulo ng mga Dalita*. Punong patnugot din siya ng Palihan Press at miyembro ng Surian ng Sining (SUSI).

Si **Dr. Jovert R. Balunsay** ay isang Licensed Professional Teacher at Associate Professor I sa Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. Siya ay nagtuturo ng mga asignaturang komunikasyon, pananaliksik, pamamahayag, retorika, at Rizal. Guro din siya sa antas gradwado at nagtuturo ng mga asignaturang teknikal na pagsulat, pananaliksik sa Filipino, mga teoryang pangkritisismo, pagtuturo ng wika at panitikan, at iba pa. Nakapagtapos siya ng Master sa Filipino sa Pamantasan ng Bikol bilang Outstanding Graduate, Doktor ng Pilosopiya sa Filipino sa parehong pamantasan bilang Most Outstanding Graduate. Aktibo siya sa mga gawaing pampananaliksik, paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo at pagsusulat ng mga sanayang aklat sa Filipino. Ginawaran siya ng Komisyon sa Wikang Filipino ng parangal na Ulirang Guro sa Filipino 2017. Nakatanggap na rin siya ng samotsaring parangal katulad ng Top Rank sa Ten Outstanding Teachers of Albay 2012, Natatanging Guro sa Filipino sa Dibisyon ng Albay 2012, Outstanding School Paper Adviser 1$^{st}$ Runner-up 2013, National Level Best Paper Presenter 2017, Uswag Award 2017, Uswag Award 3$^{rd}$ Best Paper 2018, Uswag Award 3$^{rd}$ Best Paper 2019, Gawad Dyornalismo Outstanding School Paper Adviser in the Philippines 2019, Gawad Pagtuturong May Alab at Talino 2019, isa sa 50 Outstanding Alumni of BU 2019, at Honoris Causa 2019 (Doctor of Humanities) mula sa Pamantasan ng Oklahoma. Siya ay isang nobelista, makata, tagapagsalin, editor, lingguwista, tagapanayam, mamamahayag, school paper adviser, kolumnista, tagapasimuno ng mga seminar, hurado sa

Copyright © 2020 by De La Salle University

mga timpalak, webinar speaker, LET review lecturer, at *YouTube* vlogger.

Si **Dr. Feorillo A. Demeterio III** ay isang full professor sa Departamento ng Filipino at direktor ng University Research Coordination Office, Pamantasang De La Salle. Siya ay may-akda ng limang libro at higit 90 artikulo tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Pilipino, pilosopiyang Pilipino, at ilang maikling kuwento na nalathala sa iba't ibang lokal at internasyunal na journal. Nanungkulan siya bilang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., noong 2013. Noong 2014, Si Dr. Demeterio ay kinilala bilang outstanding alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School, Pamantasang Santo Tomas.

Si **Dr. Susan Madrid-Tindugan** ang kasalukuyang koordineytor ng Civic Welfare Training Service ng Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes sa loob ng maraming taon. Kasalukuyan siyang may ranggong associate professor IV sa nasabing Pamantasan. Natapos niya ang kaniyang Masters of Arts in Education Major in Administration and Supervision sa Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes at Doktor ng Pilosopiya sa Filipino sa Pamantasan ng Bikol. Bahagi siya ng Departamento ng mga Wika sa Kolehiyo ng Sining at Agham at nagtuturo ng mga asignaturang kontekstuwalisadong komunikasyon sa Filipino, masining na pagpapahayag, masining na pagpapahalagang pampanitikan, pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Nagtuturo rin siya sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino ng mga asignaturang panimulang lingguwistika, wika, kultura, at lipunan, sanaysay at talumpati, pagbasa sa mga piling obra, at iba pa. Siya ay part-time faculty sa Graduate Studies at nagtuturo ng ponolohiya at pahambing na pag-aaral ng Filipino, pagtuturo ng wika at panitikan, at pananaliksik sa Filipino. Nagsisilbi rin siyang editor, tagapayo, at isa sa mga lupon ng tagasulit sa mga kumukuha ng kursong Master sa Sining ng Edukasyon sa Filipino sa pamantasang kaniyang pinaglilingkuran. Aktibo siyang tagapanayam sa iba't ibang gawaing pangwika, direktor ng mga seminar sa paaralan, LET reviewer lecturer, at mananaliksik.

Nagtapos noong 1999 ng kursong Batsilyer ng Artes sa Filipino, menor sa Edukasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa Maynila si **Alvin M. Ortiz**. Nagpakadalubhasa sa Filipino sa programang Master of Arts in Filipino sa PUP Graduate School at nakatapos noong 2005. Kasalukuyang kumukuha ng Doctor of Philosophy–Istruktura ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon. Nagsilbing fulltime-part-time faculty sa Kagawaran ng Filipino ng PUP mula 1999–2003. Naging fulltime faculty sa PUP Laboratory High School mula 2003–2007. Ipinagpapatuloy niya ang paglilingkod bilang fulltime faculty sa Kagawaran ng Filipinolohiya mula 2007 hanggang sa kasalukuyan.

Ipinanganak sa lungsod ng Maynila si **Marianne C. Ortiz**. Ginugol ang ang kaniyang apat na taon sa kolehiyo sa kursong Batsilyer ng Artes sa Filipino, menor sa Edukasyon at nagtapos noong 1999 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Maynila. Sa taon ding iyon itinuloy ang kaniyang pag-aaral at kumuha ng programang Master of Arts in Filipino sa PUP Graduate School at nagtapos noong 2005. Sa kasalukuyan, kumukuha siya ng Doctor of Philosophy–Istruktura ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Lungsod Quezon. Naging katuwang na may-akda ng ilang riserts at mga text book sa asignaturang Filipino sa kolehiyo at may 15 nang naglilingkod bilang dalubguro ng Kagawaran ng Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.

Si **Dr. Analiza D. Resurreccion** ay associate professor sa Departamento ng Komunikasyon, at sa kasalukuyan ay naglilingkod bilang Research Development and Linkages Officer sa Opisina ng Vice-Chancellor for Research sa De La Salle–Lipa. Ang kaniyang pangunahing interes sa pananaliksik ay nakasentro sa iskolarsyip sa komunikasyon bilang tulay sa pagbabago tungo sa pagbuo ng sustainable future. Nakamit niya ang kaniyang AB sa Mass Communication, cum laude at Sotero H. Laurel Academic Excellence awardee, mula sa Lyceum of the Philippines University–Batangas, ang kaniyang MA sa Pagtuturo, medyor sa Ingles, pati na rin ang kaniyang PhD sa Araling Filipino–Wika, Kultura, at Media mula sa De La Salle University– Manila. Ginawaran siya ng Department of Trade and Industry Competitiveness Bureau Academic Symposium Grant (2020), De La Salle Philippines Laudato Si Grant para sa Creative Work (2018), at CHED–DLSU Grant for Research Leadership Training Program (2018). Siya ay nakabilang din sa DLSU Interdisciplinary Research Fellowship (2017). Si Dr. Resurreccion ay isa sa mga nagtatag, at miyembro ng advisory board ng SINAYA, ang kauna-unahang jornal ng pananaliksik para sa mga

guro at mag-aaral ng senior high school sa Pilipinas na magkasamang pinamamahalaan ng De La Salle University, De La Salle–Santiago Zobel, at De La Salle–Lipa.

Si **Dr. Voltaire M. Villanueva** ang may akda ng #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). Siya rin ay may-akda, editor, at koordineytor ng mga sanayang aklat sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyong Pagpapahalaga sa antas kindergarten, elementarya, at sekondarya. May-akda rin ng Filipino sa Senior High School. Konsultant at content evaluator ng DepEd sa elementarya sa Filipino. Tinapos niya ang PhD sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya bilang iskolar sa Pamantasang De La Salle–Manila. Siya rin ay kilalang tagapagsanay sa mga guro ng bansa sa ugnayang masining at makaagham na pagtuturo gamit ang malikhaing estratehiya. Sa kasalukuyan ay puno ng Sentro sa Pag-aaral ng Wika at masayang propesor at tagapagpadaloy ng karunungan sa mga pag-asa ng mga pag-asa ng bayan sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Manila.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

## Isyu para sa buwan ng Hunyo 2021, Tomo XXXIV, Blg. 1

**Tunguhin**

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle–Manila (DLSU–M) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

**Detalye ng Paglilimbag**

Inililimbag ang *Malay* makalawa isang taon sa pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle–Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Proseso ng Pagrerebyu**

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay pagpapasyahan ng mga editor. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng punong patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinasa.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200–250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20–40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompiyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12 puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/may-likha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa malayjournal@dlsu.edu.ph. Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Editor; Dr. Rowell Madula, Ko-Editor; o kay Dr. Dolores Taylan, Tagapamahalang Editor, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle–Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 8524-4611 loc 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.